

MGA PAGBABAGO SA PAG-UULAT PARA SA CASH AID AT CALFRESH

PANGALAN NG KASO:	
NUMERO NG KASO:	
NUMERO NG MANGGAGAWA:	

Dahil tumatanggap ka ng ☐ Cash Aid ☐ CalFresh, dapat kang mag-ulat sa loob ng 10 araw kapag ang iyong **KABUUANG** kita ay umabot sa isang partikular na antas. Dapat kang mag-ulat kahit kailan na ang kabuuang buwanang kita ng iyong sambahayan ay higit sa iyong kasalukuyang Hangganan ng Iniulat na Kita (Income Reporting Threshold, IRT).

Uri ng Benepisyo	CalWORKs	CalFresh
Laki ng Pamilya		
Iyong Kasalukuyang Kita		
Ang Iyong IRT ay		

Tandaan: Kung ang iyong IRT para sa CalFresh ay nakalista bilang "N/A", hindi ka inaatasan na mag-ulat ng mga pagbabago sa kita para sa CalFresh hanggang ang iyong susunod na SAR 7 o panibagong sertipikasyon, alinman ang mauna. Gayunman, kung ikaw ay may halaga ng IRT na nakalista para sa CalWORKs, dapat kang mag-ulat kapag ang iyong kabuuang kita ay humigit sa halagang iyon.

Paano dapat mag-ulat?

Kung ang iyong kabuuang kita ay higit sa halaga ng IRT na nakalista sa itaas, dapat mong iulat ito sa County **sa loob ng 10 araw**. Maaari mong iulat ang impormasyong ito sa County sa pamamagitan ng pagtawag sa county o nakasulat na pag-uulat.

Sa "kabuuang buwanang kita" ang ibig naming sabihin ay:

- ⇒ Anumangperang natatanggap mo (parehong pinagtrabahuhan o kinita **at di-pinagtrabahuhan o di-kinita**).
- ⇒ Ang halaga *bago* tinanggal ang anumang mga kabawasan. (Ang mga halimbawa ng mga kabawasan ay: mga buwis, Social Security o ibang mga kontribusyon sa pagreretiro, mga sustento, atbp.)

Ano ang mangyayari?

- ⇒ Ang iyong mga benepisyo ay maaaring babaan o itigil batay sa kitang lampas sa iyong IRT.
- ⇒ Ang iyong IRT ay maaaring magbago kapag ang iyong kita ay nagbago o kapag may lumipat papasok o palabas ng iyong bahay.
- ⇒ Susulat sa iyo ang County tuwing magbabago ang iyong IRT.
- ⇒ Kailangan mo ring iulat sa iyong SAR 7 ang lahat ng mga kitang natanggap mo sa panahon ng Buwan ng Ulat, kahit na naiulat mo na ang perang iyon.

Parusa para sa hindi pag-uulat

Kung hindi ka nag-ulat kapag ang iyong kita ay mas malaki kaysa limitasyon ng IRT ng iyong sambahayan maaaring makatanggap ka ng mga benepisyo mas malaki kaysa dapat mong matanggap. Ikaw ay **dapat** magbayad sa anumang mga ekstrang benepisyo na natanggap mo. Kung sadyang hindi ka nag-ulat upang tangkaing makakuha ng mas maraming benepisyo, ito ay isang pandaraya, at ikaw ay maaaring kasuhan ng isang krimen at/o hindi na maaaring makakuha ng CalFresh para sa isang panahon o habang buhay.

Kung tumatanggap ka ng Cash Aid, DAPAT DING iulat mo ang mga bagay na nasa ibaba sa loob ng 10 araw pagkatapos mangyari ang mga ito:

- Kahit kailan na may isang miyembro ng iyong sambahayan na ipinasiya ng hukuman ng batas na gumawa ng isang paglabag sa isang kondisyon ng probasyon o parol.
- Kahit kailan na may sumama, o nasa iyong sambahayan, na tumatakas sa batas (may warrant para sa pag-aresto sa kanila).
- Kahit kailan na nagbago ang iyong tirahan.

Kung tumatanggap ka ng CalFresh, DAPAT DING iulat mo ang mga sumusunod:

- Kung ikaw ay isang May Kakayahan ang Katawan na Walang mga Nakadepende (Able Bodied Adult Without Dependents, ABAWD), dapat kang mag-ulat kahit kailan na ang iyong mga oras ng trabaho o pagsasanay ay bumaba sa mas kaunti kaysa 20 oras sa isang linggo o 80 oras sa isang buwan.

Boluntaryong pag-uulat ng impormasyon

Ikaw ay maaari ring boluntaryong mag-ulat ng mga pagbabago sa County kahit kailan. *Ang pag-uulat ng ilang mga pagbabago ay maaaring magbigay sa iyo ng karagdagang mga benepisyo.* Halimbawa:

- Ang iyong kita ay tumigil o bumaba.
- May isang kumikita na lumipat palabas ng iyong bahay.
- May isang kumikita na lumipat papasok ng iyong bahay.
- May isang nakatira sa bahay na naging buntis.
- Ang isang taong nasa tulong na pera ay may espesyal na pangangailangan, tulad ng: isang pagbubuntis, isang espesyal na pagkain na itinatagubilin ng isang doktor, emerhensiya sa sambahayan, atbp.
- Ang pagsilang ng isang anak.
- Para sa CalFresh, kung ang isang taong may-kapansanan o 60 taong gulang o mas matanda ay may bago o mas malaking mula sa bulsa na mga gastos na medikal.

Tandaan: Ang ilang mga pagbabagong iniulat mo nang boluntaryo ay maaaring magresulta sa pagbaba ng iyong mga benepisyo ng CalFresh.